

## **ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG**

### **KONSORSYUM NG COUNTY NG SAN DIEGO 2020-2021 PINAGSAMANG TAUNANG ULAT NG PAGSUSURI NG PAGGANAP**

Ito ay isang paunawa na ang Lupon ng mga Superbisor ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig sa alas 9:00 ng umaga sa Setyembre 14, 2021, sa Silid 310 ng County Administration Center, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA, tungkol sa Piskal na Taon 2020-21 Pinagsamang Taunang Ulat ng Pagsusuri ng Pagganap [Fiscal Year (FY) 2020-21 Consolidated Annual Performance and Evaluation Report (CAPER)].

Taun-taon, ang County ay kinakailangang maghanda ng isang CAPER na naglalarawan ng mga natupad na mga programa sa nakaraang piskal na taon para sa mga programa kabilang ang Community Development Block Grant (CDBG), Home Investment Partnerships (HOME), Emergency Solutions Grant (ESG), at Housing Opportunities for Persons with AIDS (HOPWA). Ang San Diego “Urban County” CDBG at ESG na mga Programa ay nagpopondo sa pabahay at mga aktibidad sa pagpapaunlad ng komunidad sa hindi inkorporadong lugar at sa anim na mga lungsod na kalahok (Coronado, Del Mar, Imperial Beach, Lemon Grove, Poway, at Solana Beach). Ang Programang Pabahay na Konsorsuym ng San Diego County (HOME Consortium Program) ay nagbibigay ng pondo para sa mga aktibidad sa pabahay sa mga lugar ng Programa at sa anim na lungsod ng Konsorsyum (Carlsbad, Encinitas, La Mesa, San Marcos, Santee, at Vista). Ang hurisdiksyon ng programang HOPWA ay sumasakop sa kabuuan ng County ng San Diego, kabilang ang mas malalaking lungsod.

Ang publiko ay inaanyayahang dumalo sa pampublikong pagdinig upang magkomento sa CAPER. Ang publiko ay maaari ding magbigay ng mga nakaulat na komento sa loob ng 15-araw na panahon na magtatapos sa Setyembre 14, 2021. Ang CAPER ay maaaring ma-akses sa [www.sdhcd.com](http://www.sdhcd.com).

Ang mga nakasulat na mga komento ay dapat ipadala sa Housing and Community Development Services, Community Development Division, 3989 Ruffin Road, San Diego, CA 92123, (619-346-3375, o sa elektronikong koreo sa: [SarahSnook.Brunson@sdcounty.ca.gov](mailto:SarahSnook.Brunson@sdcounty.ca.gov). Ang mga may kapansanan sa pandinig o hirap makarinig ay maaaring kontakin ang departamento sa (866) 945-2207. Ang mga nangangailangan ng tulong upang makilahok sa pulong (hindi nagsasalita ng Ingles, may kapansanan sa pandinig, atbp.) ay dapat makipag-ugnayan sa mga tauhan upang humiling ng espesyal na tulong nang hindi kukulangin sa limang araw bago ang pulong.

### **ANUNSYO NG PUBLIKONG SERBISYO TUNGKOL SA COVID-19**

Dahil sa emerhensiya sa pampublikong kalusugan dala ng sakit na [Coronavirus \(COVID-19\)](#), ang County ng San Diego ay gumagawa ng ilang pagbabago na may kaugnayan sa mga pulong ng Lupon ng mga Superbisor upang protektahan ang kalusugan ng publiko at upang maiwasan ang pagkalat ng sakit sa lokal na lugar. Ang mga pulong ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng San Diego ay kasalukuyang bukas sa publiko, o ang mga miyembro ng publiko ay maaaring tunguhan ang ilang mga opsyon upang ihatid ang kanilang pampublikong komento sa online: [Public Comment Options \(Mga Opsyon sa Pampublikong Komento\)](#)